

# 1

Kumakalam na ang kanyang sikmura at ramdam na ramdam niya ang pagtagos ng ginaw sa manipis at kupasin niyang t-shirt. Palinga-linga ang quince años na si Troy sa bahaging iyon ng madilim na eskinita malapit sa isang bar sa Makati.

*Hayun!* nasabi niya sa sarili nang mamataan ang isang maliit na babaeng lumabas ng bar. Mukha itong sosyal at mayaman base sa pananamit. Naging mainit sa paningin niya ang maliit na shoulder bag na bitbit nito. Madali lamang para sa kanya ang halbutin iyon.

Sinundan niya ang babae hanggang sa parking lot ng bar. Medyo madilim sa bahaging kinaparadahan ng kotse nito. *Ayos!* Napangiti siya. Maingat siyang lumapit sa walang kamalay-malay na babae.

---

Mag-isang umiinom si Leandro sa bar na iyon. Kagagaling lamang niya sa Wyoming upang bisitahin ang isang kaibigan na ranchero ring katulad niya. Kauwi lamang niya and he decided to have a nightcap before returning to *Hacienda Helena* tomorrow. A local band was playing and he was enjoying the music

nang lumapit ang isang magandang babae.

“Hello, Handsome. Want some company for tonight?” malambing nitong sabi. Pinagmasdan niya ito mula ulo hanggang paa. Bata pa ito. She could be in her early twenties. A mestiza beauty, definitely his type. Nginitian niya ito at magalang na tumanggi.

“Thanks but no. I’m tired. Mas gusto ko na lamang magpahinga pagkatapos nito.” Itinaas pa niya ang baso ng alak na iniinom. The girl pouted her red lips. Naaliw si Leandro sa ginawi ng babae. Dinukot niya ang pitaka at kumuha roon ng ilang dadaanin.

“Pasensya ka na. I’m not in the mood right now. Tell you what... Why don’t you buy yourself a drink?” sabi niya, sabay abot dito ng pera.

Tiningnan pa muna nito ang pera bago kinuha.

“Sigurado ka?”

“Sure.”

“Okay, but... you don’t know what you’re missing. Thanks for this.” Lumayo na ito sa table niya.

Iiling-iling na ipinagpatuloy na lamang niya ang pag-inom. During his younger days, he would have gladly jumped at the offer, no questions asked. Pero noon iyon. He wasn’t young anymore, though

at forty-five, he still had the masculine appeal na kadalasang nakakaakit sa kababaihan.

He remembered his wayward ways noong kabataan niya. Ilang kababaihan ba ang napaiyak niya dahil sa pagiging palikero niya? Again, a smile formed his lips. He was wild and carefree as a stallion, and not a bit bothered with his reputation as the heartless womanizer in town. Not until he met Helena, his wife.

He was smitten with her delicate beauty when he first saw her. Magmula noon ay kinalimutan na niya ang lahat ng mga kalokohan at pinilit baguhin ang sarili para lamang mabihag ang puso ng dalaga. For the first time in his life he felt what it was like to really fall in love. At nang pakasalan siya nito, wala siyang pagsidlan ng kaligayahan. He was contented and happy. But his happiness was short-lived.

Muling tumungga ng alak si Leandro. It was eight years ago, pero naroon pa rin ang pamilyar na sakit. Helena had a weak heart. Hindi nito nakayanan nang ipanganak nito ang kanilang panganay. Namatay ito isang oras matapos iluwal ang sanggol na babae. In spite of the pain of losing the only woman he had loved, sinikap niyang buhayang mag-isa ang anak. Showering her with gifts and spoiling her rotten.

He could not help it. Iyon lamang ang alam niyang paraan para punan ang kakulangan nito ng ina.

Getting married again was out of the question sa kabila ng maraming kababaihang umaaligid sa kanya at nagsisikap na kunin ang kanyang atensyon. He loved Helena dearly and he wanted to remain faithful to her memory. At mahal na mahal din niya ang anak who was also the spitting image of her late mother.

The band played another song and he scanned the dimly lighted and crowded room. He saw the girl who approached him and watched while she flirted with a young executive. Muli siyang napailing. Tinungga na niya ang natitirang laman ng baso, paid for his drink and went out. The chill November air filled his nose.

---

Marahas na inagaw ni Troy ang shoulder bag na hawak ng babae at mabilis na tumakbo palayo rito.

“Ay! Magnanakaw! Tulong!” pahisteryang sigaw ng babae na panandaliang pumukaw sa pansin ng ilang taong nasa paligid. May isang lalaking humabol sa tumatakpong si Troy. Nang mapansin ito ng binatilyo ay lalo pa nitong binilisan ang takbo.

“Tabi d’yan!” Tinabig niya ang isang magsisigarilyo

na nakasalubong.

“Pigilan n’yo ang batang iyan!” narinig niyang sigaw ng lalaking humahabol sa kanya. Ang naging pagkakamali ni Troy ay nang lumingon siya upang sipatin ang taong humahabol sa kanya. Huli na para iwasan niya ang malaking bulto ng katawan na nakaharang sa kanyang daraan.

Samantala, hindi man tuluyang natumba ay nawalan pa rin ng balanse si Leandro sa pagkakabunggo sa binatilyong pahangos na tumatakbo. Nang marinig niya ang tinig ng ilang kalalakihang sa hula niya ay humahabol dito, mabilis niyang nilapitan ang binatilyo na ngayon ay patayo na at mukhang tatakas na muli. Hawak nito ang isang mamahaling shoulder bag. It did not take Leandro one second to guess kung ano ang ginawa nito at kung bakit ito tumatakbo. Hinawakan niya ang isang braso nito at ipinilipit sa likuran nito. Troy let out a cry of pain.

“Bitiwan mo ako!” Nagpapasag ang binatilyo pero humigpit ang pagkakahawak ni Leandro. Pinilit niyang pitseran ang estranghero, ngunit naiiwas nito ang mukha at sa halip ay lalo pang idiniin ang pagkakaipilipit ng braso niya. Muli siyang napasigaw. Inagaw nito mula sa kanya ang bag at kinaladkad siya nito palapit sa mga taong humahabol sa kanya.

“P—ina mo! Bitiwan mo ako!” pagmumura niya, upang mapasigaw lamang ulit sa sakit sanhi ng marahas na pagpilipit ng estranghero sa kanyang braso. Balak pa yata nitong balian siya ng buto. Natanaw niya ang lalaking humahabol sa kanya pati na rin ang babaeng inagawan niya ng bag. Nang makalapit ang mga ito ay isang suntok sa mukha ang natanggap niya sa lalaki. Nabitiwan siya ng lalaking humahawak sa kanya, dahilan upang bumalandra siya sa semento. Muli pa sana siyang susuntukin nito nang pigilan ito ng estranghero.

“Brod, tama na! Walang laban sa iyo ang bata!” awat nito.

“Dapat sa batang iyan ay mabulok sa kulungan!” sigaw naman ng babaeng ninakawan niya.

“Here, sa iyo ‘ata ito.” Iniabot ng estranghero sa babae ang shoulder bag. The woman quickly opened it and examined the contents. Mukha namang kontento ito at walang kulang sa laman ng bag.

“Gusto kong madala sa presinto ang batang iyan para makulong!” muling bulalas nito.

“Tatawag ako ng pulis,” suhestyon ng lalaking humabol kay Troy kanina.

“Sa tingin ko’y hindi na kailangan iyon,” sabad

ng estranghero, si Leandro. “Mukhang wala namang nawala sa laman ng bag mo.”

“Pero...” tutol ng babae.

“Maaari bang ipaubaya mo na sa akin ang bata? Ako na ang bahala sa kanya,” pakiusap niya. The woman eyed him with incredulity. Sa sarili ay gustong mapangiti ni Leandro. Nasa mga mata ng kausap ang pagdududa na kasabwat siya ng binatilyo. “Ano, Miss? Payag ka ba?”

“Hmph! Ikaw ang bahala! Kaya umaabuso ang mga batang katulad niyan ay dahil sa pangungunsinti ninyo!” Iyon lang at pairap at galit itong nagmartsa palayo bitbit ang nabawing bag. Sumunod na rin dito ang lalaking tumulong na habulin si Troy.

Nang mawala sa kanyang paningin ang dalawa ay binalingan niya ang binatilyo na nakaupo sa semento. Matalim ang mga titig nito sa kanya habang pinupunasan ng likod ng kamay ang duguang labi.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong niya. Hindi siya pinansin nito. “Tumayo ka na d’yan at sumunod ka sa akin,” utos niya.

“Hah! Hindi mo ako alila!” Leandro winced at the fury he detected in the young man’s voice.

“Bahala ka. Uuwi ako ngayon sa tinutuluyang hotel at kakain ng isang masarap na hapunan. I want you to join me. Pero kung ayaw mo, sige. Mag-abang ka na lang uli ng ibang madudukutan dito. But I doubt kung may matitiyempuhan ka pa. And that bruise of yours need some mending,” he said and started to walk away.

“S-sandali!” tawag ng binatilyo. Huminto ang nakatalikod nang si Leandro. Napangiti siya at lumingon; humantad sa kanya ang gusgusing anyo nito. He was tall, a bit skinny, pero dahil na rin siguro iyon sa kinamulang buhay sa kalsada. He had deep-set, dark gray eyes, katamtamang tangos ng ilong at manipis na mga labi. Magandang lalaki ang binatilyo at kung naiba lamang ang estado nito sa buhay, tiyak na marami ring mahuhumaling na babae rito.

“T-Troy ang p-pangalan ko,” the young man said as the cool wind blew. Niyakap nito ang sarili dahil sa ginaw na naramdaman. “M-maaari bang ” Pinutol nito ang sasabihin. Napailing si Leandro. For a boy of the street, this one had pride. Alam niyang mas nanaisin pa nito na ipakipagsapalaran ang buhay sa kalsada kaysa mamalimos sa ibang tao. Isang baluktot na paniniwala, pero ano nga ba ang dapat asahan ng isang tulad nito? Survival of the fittest ang labanan.



Muling nagtama ang mga mata nila. There was a streak of defiance in Troy's stare. "Halika na. Gumiginaw na," saad ni Leandro at lumakad na. Sa kanyang likuran ay naririnig niya ang mga yabag ng binatilyo habang sumusunod ito sa kanya. He sighed contentedly.

---

Lihim na pinagmamasdan ni Leandro si Troy habang bumabagal ang takbo ng pick-up. Nakapasok na sila sa hacienda at ngayon ay palapit na sa villa. Nanlalaki ang mga mata nito habang nakatitig sa animo palasyong nakatayo sa di-kalayuan ilang metro mula sa kanila. Nang nagdaang gabi ay isinama niya ang binatilyo sa tinutuluyan niyang hotel suite, pinakain at binigyan ng panibagong maisusuot. Doon na niya ito pinatulog. At kaninang umaga, habang nag-aagahan sila ay seryoso niya itong kinausap.

*"Gusto mo bang sumama sa akin pabalik ng probinsya?" tanong niya. Natigil ito sa pagnguya at tinitigan siya. "I need a ranch help. Maraming trabaho sa hacienda at kulang ako sa mga tauhan," paliwanag niya.*

*"Hah! Tinulungan mo ako at pinakain para lamang gawing alila?" the boy said sarcastically.*

*“A hired help, actually. Ibig sabihin ay may suweldo.” Sandaling nag-isip ang binatilyo. Nagpatuloy siya, “Plus, bibigyan kita ng pagkakataong makapag-aral, makapamuhay nang tahimik at matino.”*

*“Bakit ganyan na lamang ang tiwala mo sa akin?” nagdududang tanong nito.*

*“Bakit nga ba? Marahil ay kaya mong sagutin ang tanong mong iyan,” he smiled.*

*Sandaling nag-isip si Troy. Pagtitiwalaan ba niya ang lalaking ito? No! Ilang ulit na ba siyang binigo ng mga taong pinagkatiwalaan niya? Ang kanyang sariling ina ay iniwan siya sa ampunan nang tatlong taong gulang pa lamang siya. Hindi niya alan kung ano ang nangyari sa kanyang ama. Ang mga tao namang umampon sa kanya ay pinagmalupitan lamang siya. And Ricky, his only friend. Hindi niya inasahang ito pa ang magpapahamak sa kanya sa kamay ng isang sindikato nang tumakas siya sa mga taong umampon sa kanya.*

*“P’wede kitang patayin at nakawan anumang sandali!” banta niya na ikinatawa lamang ni Leandro nang malakas.*

*“Then, bakit hindi mo ginawa kagabi?” tanong nito matapos tumawa. “Nasa iyo ang lahat ng*

pagkakataon.”

*Hindi siya nakakibo. Bakit nga ba? Ni hindi man lamang sumagi sa isip niyang gawan ito ng masama nang nakaraang gabi.*

*“Admit it, Troy, hindi ka masamang tao. At ginagawa mo lamang ang mga ginagawa mo dahil iyon lang ang paraan mo para mabuhay. You don't belong in the street. Hindi ko alam kung ano ang mga pinagdaanan mo and frankly, I don't care. Nakaraan na iyon at dapat nang kalimutan.*

*“Now, I'm giving you the chance to change your destiny. You just have to learn to trust people again. Ito na ang pagkakataon mo para baguhin ang buhay mo. It's your choice.” Titig na titig ito sa kanya.*

*He looked at the older man's eyes for a moment at pilit inarok ang sinabi nito. He was right. Hindi siya masamang tao at ito na ang pagkakataon niya para makamit ang kanyang mga pangarap. Pero... muli siyang tumingin kay Leandro. A sincere smile was playing on his lips. May isang bahagi ng puso niyang nagsasabi na hindi siya pababayaan nito. This man was a friend.*

*“H-hindi ... w-wala akong alam sa trabaho sa rancho,” nahihiyang tugon niya. Lumapad ang ngiti*

*nito sa labi.*

*“You’re big and strong. You’ll learn,” Leandro assured him.*

---

Humimpil ang *Tundra* double cab pick-up ni Leandro sa tapat mismo ng pinto ng villa. Up close, the villa was magnificent. Makaluma ang istraktura niyon at parang sinaunang bahay ng Kastila. Pumasok silang dalawa sa loob.

Napasinghap si Troy nang makita ang kabuuan ng malaking bahay. Kung sa labas ay makaluma iyon, sa loob naman ay kompleto sa mga modernong kagamitan bagaman may mga mangilan-ngilan ding antique na palamuti. Maluwang ang sala at sa gitna niyon ay nakasabit ang isang mamahaling chandelier. Sa kanang bahagi ay ang grand staircase na patungo sa itaas na palapag. Isang glass sliding door ang nakapagitan sa sala at sa dining room. Sa isang sulok naman, sa bandang kaliwa ay ang mini bar. Dalawang pinto ang kanugnog nito.

“Ito na ang magiging tahanan mo mula ngayon, Hijo. Nagustuhan mo ba?” tanong nito sa kanya. Bago pa siya nakasagot ay narinig na niya ang matinis na tinig na iyon.

*I'm Yours, Be Mine - Doreen Laroya*

---

“Daddy!”

## 2

Pinatay ni Troy ang dutsa at kinuha ang malinis na tuwalya sa rack. It had been ten years mula nang isinama siya ni Leandro sa *Hacienda Helena*. Tinupad nito ang ipinangako na pag-aaralin siya kapalit ng paninilbihan niya bilang isang tauhan ng rancho. Ngunit hindi naman nito ibinabawas sa suweldo niya ang ipinangmamatrikula niya. At nang minsang tanungin niya ito tungkol sa bagay na iyon ay tumawa lamang ito. He could only smile in disbelief.

Leandro was more than his friend. He was the father he never really had. Dumating ito sa panahong patapon ang buhay niya at binigyan siyang muli ng pag-asa. And he was truly grateful. Ibibigay niya ang buhay para sa matanda kung iyon lang ang paraan para makabayad sa utang-na-loob niya rito. Ang pagtitiwala nito sa kanya ay kasinlaki rin ng respetong iniingatan niya para rito.

Maganda na ang buhay niya. Kasundo niya ang lahat ng tao sa hacienda lalung-lalo na ang mga tauhan na ngayon ay pinamamahalaan na niya. Everything was perfect, except...

Binuksan ng binata ang built-in closet at kumuha

ng damit na isusuot. Habang nagbibihis ay hindi niya maiwasang hindi maalala ang unang araw niya sa *Hacienda Helena*. How could he ever forget the huge, doll-like eyes paired with long thick lashes, the creamy skin na bahagyang namumula kapag nabibilad sa araw, the pouty red lips and the long auburn hair. She was like an apparition as she walked... no, floated was a more appropriate description, toward her father. Helen was already a striking beauty at the age of eight. At sa murang gulang din niya ay may naramdaman siyang kakaiba para rito. Isang damdaming noon lamang niya naramdaman.

Mapait ang ngiting sumilay sa mga labi ng binata. Helen hated him at first sight. Isang kaaway ang turing nito sa kanya at isang kaagaw sa atensyon ng sariling ama. Wala na itong ginawa noon kundi ang inisin at awayin siya. Bagay na pinalalampas lamang niya dahil na rin sa utang-na-loob niya kay Leandro. Sampung taon na ang lumipas, ngunit wala pa ring ipinagbago ang relasyon nila ng dalaga. Napailing siya. Sa kanyang puso ay hindi pa rin nawawala ang pag-asang magbabago ang pakikitungo nito sa kanya.

Dadamputin na lamang niya ang t-shirt nang makarinig ng mga katok sa pinto. Nagulat siya nang mapagbuksan ang taong kani-kanina lang ay laman ng kanyang isip.

Napasinghap si Helen nang tumambad sa kanyang harapan ang malapad na dibdib ni Troy. Hubad-baro ito at malaya niyang napagmasdan ang mga pinong balahibo sa dibdib nito. Mga balahibong naglandas pababa sa tiyan at hanggang sa.... Umiling siya at inangat ang paningin upang makita lamang na nakangiti ang binata, nanunukso ang mga mata. Tinakpan niya ng galit ang pagkapahiyang naramdaman.

“Can’t you be more decent when you open your door?” sita niya sa nakangiti pa ring binata. Mukhang walang epekto rito ang pagtataray niya. Lalo pang lumapad ang ngiti nito sa nakitang pamumula niya.

“Pardon me. I had no idea *Her Highness* was paying me a visit,” he said sarcastically. Naningkit ang kanyang mga mata sa naging tugon nito. Sinalubong niya ng matalim na titig ang mga mata nito, ngunit siya rin ang hindi nakatagal. There was something in his stare that made her uncomfortable. Para bang nababasa nito ang kaloob-looban niya. “Bakit ka narito, Helen?” matabang na tanong nito.

“Ipinapatawag ka ng Daddy sa study.” She smirked. “Alam mo, hindi ko talaga siya maintindihan kung ano ang nakita niya sa iyo para pagkatiwalaan



ka niya nang lubos. I don't trust you a bit!"

"Matagal ko nang alam iyan," he said wryly bago tumalikod at kinuha ang t-shirt na isusuot sana kanina.

Nanatili siyang nakatayo sa pintuan habang nagbibihis ang binata. Sinasabi ng matinong bahagi ng kanyang utak na dapat na siyang umalis. Ngunit waring may magnet ang mga kilos nito, and she couldn't help but stare at the play of his corded muscles as he put on his shirt.

Malaki na ang ipinagbago ni Troy mula noong unang nakita niya itong kasama ng ama. He wasn't the tall, lanky teenager that she hated. With his broad shoulders, his well-muscled arms and legs na hindi iyong katulad sa mga gym instructors, ang sunog sa araw na balat, ang buhok na halos umabot na sa balikat, and his dark gray eyes which seemed to penetrate her very soul. Troy was the perfect specimen of a very desirable man. He exuded power, strength and wisdom.

"Well?" narinig niyang tanong nito. Biglang bumalik sa kasalukuyan ang utak ni Helen. Huli na nang mapagtanto niyang kanina pa pala siya nakatitig dito. "Nagustuhan mo ba?" She gave him a puzzled look.

“Next time, sabihin mo kasi kung bibisita ka. I could have prepared a more exciting performance for you.” With a mocking smile on his lips, noon lamang nakuha ng dalaga ang ibig nitong sabihin.

“Why, you ...!” How dare he! Iniisip ba nitong nasisiyahan siyang panoorin ito habang nagbibihis? “Beast!” Galit na iniwan niya ito at nagmamadaling bumaba ng hagdanan. Behind her, she could hear him laughing. Lalong nag-apoy ang galit niya. Mabilis siyang lumabas ng villa. Ni hindi na niya pinansin ang tawag ng ama na noon ay galing sa komedor.

---

“I hate him! I really hate him!” Galit na palakad-lakad si Helen paroo’t parito na para bang sa pamamagitan ng ginagawa ay mababawasan ang inis na nararamdaman. Walang-imik namang nanonood lamang ang kaibigang si Maia. Naroon sila sa terrace ng bahay ng huli. Pagkagaling sa *Hacienda Helena* ay tumuloy roon ang dalaga.

“Why are you smiling?” inis na sita niya. Painosenteng umiling ito.

“I’m not smiling!” pagtatanggol nito sa sarili.

“Nahuli kita, at pinagtatawanan mo ako! How could you, Maia?” Halatang naiiyak na siya sa

galit. Parang nakonsyensya naman ang kaibigan. Napabuntong-hininga muna ito bago siya nilapitan.

“Look, Helen. Ano na naman kasi ang ikinagagalit mo kay Troy?” tanong nito. Sigurado itong ang lalaki nga ang dahilan ng pagmamarakulyo niya. Ikinuwento niya ang nangyari kanina. Pagkatapos ay nagulat pa siya nang bigla itong bumunghalit ng tawa.

“Maia!”

“Okay, okay! I’m sorry!” natatawa pa ring sagot nito.

“Wala akong makitang nakakatawa sa nangyari!” Pasalampak na naupo sa settee si Helen pagkatapos sabihin iyon.

“I’m sorry! I can’t help it,” pangangatuwiran ng kaibigan. Lalo siyang napasimangot, inirapan ito. “Bakit ba kasi ang init ng dugo mo kay Troy? Wala namang ginagawang masama sa iyo ‘yung tao, ah.”

“Anong wala? Inaagaw niya ang atensyon ng daddy ko mula sa akin!” singhal niya. “He’s a leech! I’m sure pinagnanakawan niya ang Daddy at ang kayamanan lang namin ang habol niya.”

“That’s a very serious accusation, Helen. May

katibayan ka ba?”

“I don’t need proof! Malakas ang kutob ko. And I trust what I feel,” katuwiran niya.

“Baka naman. . .” ibinitin ni Maia ang sasabihin. Helen looked at her friend. “Baka naman may iba ka nang nararamdaman kay Troy kaya ka nagkakaganyan.”

“What?” bulalas niya, a bewildered expression in her face. “Paano mong nasabi iyan? All I can feel for him is hate!”

“Well, cliché nang sabihin na there’s a thin line between love and hate. Baka lang kasi...”

“No! For me, there’s a great wall between love and hate! Paano mong nasabi iyan? Me? Falling in love with Troy? It’s ludicrous!” She stared at friend again. “It will never happen, Maia. I am not and will not fall in love with that bastard!” puno ng conviction na sabi niya.

“Talaga lang, ha?” May bahid ng panunukso ang tinig ng kaibigan.

“Teka nga muna, kanino ka ba kampi?” paninita niya. “Ako ang kaibigan mo, if you’ve already forgotten.”

“Of course, ikaw ang kinakampihan ko,” segunda ng babae. “I’m just stating the possibility na baka may iba ka pang nararamdaman para kay Troy kaya ganyan na lamang ang galit mo sa kanya. I mean, he’s a very handsome man and falling in love with him is nothing to be ashamed of,” paliwanag ni Maia. Nagdududang tinitigan ito ni Helen.

“Umamin ka nga, Maia. Me gusto ka ba kay Troy?”

“O, bakit sa akin napunta ang usapan?”

“Sagutin mo na lang ang tanong ko.” Isang nananantyang titig muna ang ibinigay nito sa kanya.

“Walang masama kung magkagusto man ako sa kanya, di ba? Sinong babae ang hindi magkagusto sa taong iyon? Ang guwapo-guwapo na’y ang macho pa! Well, except you, of course!”

“Malabo na ba ang mata mo? Eh, wala namang ipinagkaiba ‘yun sa mga lalaking nakakasalamuha natin. May mas guwapo pa nga kay Troy,” sardonic na turan niya.

“He’s different! At hindi pa malabo ang mga mata ko. Baka ikaw.”

Kumunot ang noo niya. “Ano’ng sinabi mo?”

“Forget about me, Friend. Hindi ako ang issue dito. Iyang galit mo kay Troy, hindi ako naniniwalang dahil lang nagseselos ka sa kanya ang dahilan. You’re falling for him,” derecho at walang-gatol na sabi ni Maia.

“I’m not!” mabilis na tanggi niya.

“Nasabi mo na ‘yan kanina,” anito. “Mahirap magsalita ng tapos, Helen. Sige ka, baka magising ka na lang isang umaga na wala na siya sa iyo kung kelan handa ka nang aminin sa sarili mo ang nararamdaman mo,” matalinhagang sagot ng dalaga. Helen opened her mouth to speak but said nothing. Ibinaling na lamang niya ang paningin sa paligid.

Bakit ba bigla siyang kinabahan dahil sa huling sinabi ni Maia? Posible nga kayang may pagtingin na siya kay Troy at ayaw lang niyang aminin iyon sa kanyang sarili?

---

“Bossing, iyong lady love mo, padating!” bulong ni Arnel sa binatang abala sa paghuhukay ng pagbabaunan ng posteng gagamitin nila para sa gagawing bakod.

Nilingon ni Troy ang direksyong itinuro ng tauhan. Papalapit nga si Helen sakay ng kabayo nitong

si Swiftwind. She was a sight to behold! Nakasuot ito ng polo na ang mga manggas ay itinupi hanggang siko at ang laylayan ay ipinaloob sa pantalong maong. Isang pares ng mamahaling leather riding boots ang nakasuot sa mga paa nito.

She was a very graceful rider at sa bawat pag-angat at pagbaba ng katawan nito sa kabayo ay nabubuhay rin ang kakaibang init sa kanyang katawan. The way she straddled the horse made him envy the lucky animal and left him wondering how it would feel like when she straddled him. He cursed himself inwardly. Helen always made him feel like a sex-starved teenager.

May narinig siyang pumito sa kanyang likuran. Nalingunan niya ang mga tauhan na nakatingin din pala sa dalaga. Sinita niya ang mga ito at inutusang bumalik na sa ginagawa. Nag-ungulan ang mga ito.

“Bossing naman, killjoy ka talaga!” reklamo ni David. Tiningnan niya ito nang masama. Tatawaw-tawang bumalik na ito sa trabaho kasunod ang iba pang kasamahan.

Muling itinuon ni Troy ang pansin sa dalagang ngayon ay naglalakad na palapit sa kinatatayuan niya. Itinali nito ang kabayo sa isa sa mga puno sa di-kalayuan. He caught his breath. The gentle but

*I'm Yours, Be Mine - Doreen Laroya*

---

seductive sway of her hips as she walked sent his temperature rising. Walang-imik na pinagmasdan niya ito habang papalapit sa kanya.



### 3

Huminto si Helen isang dipa mula kay Troy. Napalunok siya nang pasadahan ito ng tingin. Nakaalalay ang isang kamay nito sa hawakan ng pala habang nakapamaywang naman ang isa. Wala itong suot na pang-itaas kaya muli niyang nasilayan ang maskuladong katawan nito na nangingintab na sa pawis. Tanging isang kupasing maong na butas pa sa tuhod ang suot nito at isang pares ng rubber shoes na nanlilimahid na sa alikabok.

She could smell the mixed scent of sweat and manly aftershave radiating from his body. And she could not help but stare at the trail of fine hairs running from his chest to his abdomen and farther down still. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang pisngi nang maisip kung saan ang hangganan ng mga pinong balahibong iyon.

She forced herself to look at his face. Nakangiti ito sa kanya. O mas akmang sabihin na nakangisi ito. May nasisilip siyang kapilyuhan sa abuhing mga mata nito.

“Bakit ganyan ang ayos mo?” iritadong sita niya. Painosente namang tiningnan ng binata ang sarili.

“Why? Ano’ng masama sa hitsura ko?”

“Wala kang damit!” Bigla itong napabunghalit ng tawa sa sinabi niya.

“Princess, katindihan ng sikat ng araw. Masyadong mainit kung magsusuot ako ng damit,” paliwanag nito. “Isa pa, hindi ako komportable kapag dumidikit sa balat ko ang damit ko dahil sa pawis. At saka, hindi ka na naman nagpaabiso na dadalaw ka, sana nagbaon ako ng amerikana para maisuot sa pagsalubong sa iyo.”

“Nang-aasar ka ba talaga?” Lalong lumakas ang tawa nito. Narinig niyang nagtawanan din ang mga kasama nito. She gave them all a warning look. Biglang natameme ang mga ito.

“Sorry, Princess!” Troy apologized in between laughs. Namumula naman ang dalaga sa pagkapikon. Bakit ba kasi siya nagpasyang pumunta rito?

Tumalikod ito at lumakad palapit sa malaking puno ng mangga. Isinandal nito sa katawan ng puno ang pala at hinubad ang working gloves sa mga kamay. Sumunod siya rito.

Sa ilalim ng puno ay may isang silyang kawayan na pinapapatungan ng isang water jug at dalawang plastic na baso.

“Gusto mo?” alok nito sa kanya. Kinuha nito ang isang baso at binanlawan muna bago muling naglagay ng tubig at ibinigay sa kanya.

Tinanggap niya iyon at tahimik na uminom. Muling nagsalita ang lalaki.

“Kanina ka pa nakatitig sa katawan ko. Ngayon ka lang ba nakakita ng six-pack abs?”

Muntik na niyang maibuga ang iniinom na tubig. Nanggigigil na ibinaba niya ang baso at hinarap ang kausap.

“Hah! Ang kapal naman ng mukha mo! For your information, marami na akong nakitang mas magagandang katawan kaysa sa iyo.”

Sa halip na mainsulto ay lalong lumapad ang ngiti nito.

“Bakit ka nga pala nagpunta dito?”

*Wala lang. Miss lang kasi kita kaya gusto kitang makita,* sagot ng kanyang puso. “Gusto ko lang tiyakin na hindi nasasayang ang ipinapasuweldo sa inyo ng daddy ko!” pagsisinungaling niya.

Nagkibit-balikat ito. Ibinaba nito ang baso, muling isinuot ang gloves at kinuha ang pala. “Suit yourself.”

Napamaang na lamang si Helen nang iwan siya nito. Nagdadabog na naupo na lamang siya sa natitirang espasyo sa silya at pinanood ito.

---

*Wow! Look at those biceps!* Binuhat ni Troy ang may kalakihang poste at ibinaon ang isang dulo niyon sa ginawang hukay. Habang hawak nito ang poste ay isang kasamahan naman nito ang nagtabon ng lupa at pagkatapos ay nagbaon ng mga tulos sa pinaka-base ng poste upang masigurong hindi iyon basta matutumba.

Nakaharap ang binata sa kanya, ngunit nakayuko ito kaya malaya niyang napagmamasdan ang kabuuan nito. Basang-basa ito ng pawis at bahagyang hinihinal dahil sa pagod. Funny! Dapat ay pandirihan na niya ang hitsura ni Troy. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong marurumi. Pero hindi nga ganoon ang naramdaman niya. Mas nananaig ang kagustuhan niyang takbuhin ito at yakapin, explore the trail of those fine hairs and taste every drop of sweat from his skin.

*Helen, what were you thinking!* kastigo niya sa sarili. Nagsisimula nang mag-init ang pakiramdam niya. Her heartbeat was racing fast and she could feel sweat running down her forehead. And all had nothing to do with the blazing afternoon sun!

Tila naramdaman ni Troy ang tahimik na pagmamasid niya rito, itinaas nito ang ulo at nahuli siyang matamang nakatingin dito. Kinindatan siya ng binata. Iningusan niya ito. It was then that she heard his bark of laughter.

*Aba't ang walanghiyang iyon! May gana pang pagtawanan ako!* Nanggagalaiting tumayo siya at kuyom ang mga kamay na lumapit dito.

“Mukhang tuwang-tuwa ka. Ako ba ang pinagtatawanan mo?” nakataas ang kilay na sita niya. Narinig niyang tumikhim ang kasama nito at matakikang lumayo sa kanilang dalawa.

Hindi man lamang naalarma si Troy. He shook the wooden post and it didn't budge a bit. The he leaned sideways and crossed his arms against his chest.

“Talaga bang nagpunta ka dito para bantayan kami? O baka naman na-miss mo lang ako at gusto mo akong makita?” Nangingkit ang mga mata ng dalaga sa narinig. “Really, Helen, if you want to ask something from me, just say so. I'd be willing to oblige,” he drawled sexily. She gasped. Isang malakas na sampal ang ipinadapo niya sa pisngi ng binata.

Nabigla naman ang mga kasama nito sa

nasakasihan.

Tumuwid si Troy mula sa pagkakasandal at hinimas ang nasaktang pisngi. Sandali siyang tinitigan nito, his eyes cold and steely. And then he sneered.

“Kung hinihintay mong halikan kita dahil sinampal mo ako, then you’re in for a disappointment, Princess. I told you, if you want something from me, you’d have to ask. And don’t forget to say *please!*”

Tumaas-bumaba ang dibdib ni Helen sa galit. Hindi niya akalaing magagawa siyang ipahiya ni Troy nang ganito. *Sino ba ang nag-umpisa?* Naramdaman niya ang unti-unting pag-iinit ng kanyang mga mata kaya bago pa siya mapahiyang lalo ay tinalikuran na niya ito. Troy grabbed her arm.

“Bitiwan mo ako! You arrogant, manipulative beast! I hate you!” Sa halip na pakawalan siya ay lalo pa siyang hinila nito. His face was only inches from hers.

“And you’re a filly in need of taming, Princess. Magaling akong magpaamo ng kabayo. And I’d love to work on you!” She jerked her arm free. Mabilis niyang tinalikuran ang lalaki at lumayo sa lugar na iyon.

---

“Mukhang may problema ang binata ko, ah,” pukaw ni Leandro sa nakatulalang si Troy. Nalabasan siya nitong mag-isang umiinom sa veranda.

“Ikaw pala, Tito.”

“Hay, hindi mo pa rin talaga ako matawag na ‘Papa’, ano?” May halong hinampo ang tinig nito. Naupo ito sa isa sa mga garden chairs na naroon.

“Pasensya na po. Nahihiya pa rin kasi akong tawagin kayo ng gan’un. Hindi naman ninyo ako anak,” katuwiran niya.

“Hmm... forgive this old man for asking a lot.”

Pumikit si Troy at marahang minasahe ang batok.

“Had a tiring day?”

“Yeah.”

“You’ve been working too much. Puwede mo namang iutos na lang sa mga tauhan natin ang lahat ng dapat gawin,” masuyong sermon nito.

“Kilala n’yo ako, Tito. Hindi ako napapalagay kung hindi rin lang ako ang tatapos ng trabaho.”

“Naku! Eh, paano ba ako magkakaapo niyan? Ni wala akong nababalitaang girlfriend mo o nililigawan man lang! Masyado mo nang pinababayaan ang

personal na buhay mo, Hijo.”

Natawa na lamang siya sa sinabi ng matanda.

“Tandaan mo, Hijo. All work and no play makes Troy a very, very dull boy!” Lalong lumakas ang tawa niya.

“At paano naman ninyo nasigurong hindi nga ako naglalaro?” Isang makahulugang tingin ang ibinigay niya sa ama ni Helen. Nang makaunawa ito ay bumunghalit ito ng tawa.

“Naku, bata ka. Ganyang-ganyan din ako noong kabataan ko.” They both shared a good laugh. Natatawang tinungga ni Troy ang natitirang alak sa kanyang baso.

Totoong wala siyang seryosong relasyon. Pero maraming babaeng handang punan ang pangangailangan niya kahit hindi niya hilingin. And he had his share of those women.

“Siyanga pala, nakasalubong ko kanina si Helen. Nagdadabog at pulang-pula sa galit.”

Iniiwas niya ang mga mata rito. “Galing siya kanina sa burol.”

“Nag-away na naman ba kayong dalawa?” Napangiti siya sa naging tono ng pananalita ng



kausap. Wala siyang mahimigang galit sa tinig nito. In fact, he sounded amused! Ipinagtapat niyang lahat kay Leandro ang nangyari. At gaya ng inaasahan, sa halip na pagalitan siya nito ay muli itong tumawa.

“Hay, naku!” anitong humihingal dahil sa katatawa. “Hanggang ngayon ba nama’y hindi pa rin kayo magkasundong dalawa?”

Nagkibit-balikat siya. “Ewan ko ba diyan sa prinsesa n’yo, masyado talagang mainit ang dugo sa akin.”

“Pagpasensyahan mo na, Hijo. Alam mo naman kung gaano ka-spoiled ang batang iyan.”

“Hindi ba kayo nagagalit dahil sa ginawa ko? I went over the line! Ipinahiya ko siya.” Tinitigan siya ni Leandro at pagkatapos ay umiling ito.

“You have been so patient with her all these years, Troy. Alam kong kahit kailan ay hindi mo magagawang saktan ang anak ko.” The old man hesitated for a while. “At isa pa, alam kong may iniingatan kang damdamin para kay Helen.”

“A-ano po’ng ibig n’yong sabihin?” kinakabahang tanong ng binata. Nakakahalata na ba ito?

Helen’s father smile was meaningful. “Lalaki rin

ako, Troy. Hindi miminsang nakita kitang nakatitig sa anak ko. At alam ko kung ano ang ibig sabihin ng mga tingin mong 'yon."

"Nah, nagkakamali kayo ng hinala, Tito." Tinaasan lamang siya nito ng kilay. Natatawang napailing siya.

"Okay I admit, nagagandahan ako sa kanya. Who wouldn't be? She's so beautiful and so sexy na kahit nanggagalaiti na siya sa galit sa akin ay di ko pa rin maiwasang hindi humanga sa kanya. Pero iyon lang iyon, Tito. A simple attraction na sigurado akong nararamdaman din ng bawat lalaking nakasalamuha niya."

"Well, attraction often blooms to love," balewalang sagot nito. Sumandal ito at tahimik na pinagala ang paningin sa madilim na paligid. Ilang minuto ring hindi ito nagsalita.

"May problema ba, Tito?" nag-aalalang tanong niya. Umiling ito at bumuntong-hininga.

"I'm worried about my daughter, Troy." Nangunot ang noo niya. Itinuloy nito ang sasabihin. "She'll be turning eighteen next month."

"Ano naman ho ang ipinag-aalala ninyo doon?"

“She’s not my baby anymore,” madamdaming sagot nito. Bakas sa tinig nito ang lungkot.

“Tito...”

Ikinumpas ni Leandro ang isang kamay upang pigilan ang anumang sasabihin ng binata.

“I know, I know! Hindi ako dapat nalulungkot ng ganito. Hindi ko lang kasi mapigilan. Parang napakabilis ng panahon. Kailan lang ay parang ayaw na niyang umalis sa tabi ko. Pero ngayon, she has her own life. Ni hindi na niya ako masyadong kinakausap.” Tumayo ang matanda at tahimik na pinagmasdan ang kabuuan ng hacienda. Itinukod nito ang dalawang kamay sa pasimano ng veranda.

“Kung minsan, iniisip ko tuloy kung nagkulang ba ako ng pagpapalaki sa kanya. I know I have given her everything that she needed, everything that money can buy. Pero pakiramdam ko’y nagkulang ako ng panahon sa kanya bilang ama. I guess I got too busy with the ranch and before I knew it, she had grown far away from me.”

“Huwag ninyong sabihin iyan, Tito. You had no choice. Ginawa ninyo lamang iyon dahil sa pagnanais ninyong isalba ang hacienda. And you did that for her.” Malinaw pa sa alaala ni Troy na minsang nalagay

sa alanganin ang hacienda. Labing-walong taong gulang pa lamang siya noon at kasalukuyan pang nag-aaral nang tamaan ng peste ang halos lahat ng hayop sa rancho. Idagdag pang mahina ang kita ng orchard dahil sa tagtuyot. Malaking halaga ang nalugi kay Leandro. Kung hindi lamang sa galing nito at sa tapang ng loob ay malamang na wala na sa pangalan nito ngayon ang *Hacienda Helena*.

Ngunit muli silang nakabangon at halos nadoble pa ang kita ng hacienda. Iyon nga lamang, ilang taon din itong subsob sa pagtatrabaho kaya hindi nito masyadong natutukan ang pagdadalaga ng anak na noon ay labing-isang taong gulang lamang.

“Wala ho kayong dapat ipag-alala kay Helen. Lumaki siyang maayos. Mabait naman ho siya at mahusay makisama sa mga tauhan natin.”

Muling bumuntong-hininga ang matanda at bumalik sa kinauupuan.

“Yeah, I guess you’re right.” Ngumiti ito. “Helen is a sweet child. At nakita ko namang hindi siya lumaking matapobre. Kasundo niya ang lahat ng mga tao dito.”

*Maliban sa akin, gusto sanang idugtong ni Troy.*

“Ikaw nga lang yata ang hindi makasundo ng

batang iyon!” Napatawa ito. Natawa na rin siya dahil nabasa nito ang kanyang iniisip.

“She’s jealous of me, Tito. Hanggang ngayo’y pinagdududahan pa rin niyang inaagaw ko ang atensyon ninyo dahil gusto kong habulin ang kayamanan ninyo,” he said wryly. Nakapikit siya at minamasahe uli ang batok kaya hindi niya nakitang titig na titig sa kanya ang kausap.

“You know what, I think my daughter has a crush on you!” naaliw na bulalas ni Leandro. Biglang napadilat ang mga mata niya sa narinig. Nang makitang seryoso ang matanda sa sinabi ay napabulalas siya ng tawa. Ilang segundo ring hinayaan lamang siya nito. Nang makabawi ng hinahon ay iiling-iling na tinitigan niya ito.

“Malakas ang kutob ko, Troy.”

“Tito, baka marinig kayo ni Helen niyan. Tiyak na magagalit siya.”

“Oh, it’s only her defense mechanism,” balewalang komento nito. “Bakit kasi hindi mo pa ligawan nang maayos at nang magkaalaman na,” parang batang reklamo nito.

“Naririnig n’yo ba ang sinasabi niyo, Tito?”

“Kuu! Kahit itanggi mo pa, alam kong may pagtingin ka sa anak ko,” pilit nito. “At ngayon pa lang, sasabihin ko na sa iyo na ako na ang magiging pinakamaligayang tao sa mundo kapag kayong dalawa ng anak ko ang magkatuluyan.” Tumahimik na lamang siya at hindi na kinontra ang sinabi ng matanda. Manaka-nakang sulyap ang ginawa niya rito. Tahimik ito at animo may malalim na iniisip.

“I’m really worried about my daughter. She’s growing so beautiful at marami na rin akong nababalitaang mga lalaking aali-aligid sa kanya.”

“Normal lang naman iyon, Tito.”

Tumangu-tango ito. “Alam ko. Pero nag-aalala pa rin akong baka sa isang pagkakataon ay maling lalaki ang mapili niya. I don’t want her to get hurt.”

“Tito Leandro, Helen is a grown woman. May sarili siyang disposiyon and I know she’s very much capable of taking care of herself, much more find a suitable partner,” pagbibigay-opinyon ni Troy.

“May tiwala ako sa anak ko, Hijo. Pero wala akong tiwala doon sa mga lalaking nakakasama niya.” Napasimangot ito. “At yaman din lamang na itinatangi mong mahal mo ang anak ko at ayaw mo siyang ligawan, ano kaya’t imbestigahan mo ang mga

*I'm Yours, Be Mine - Doreen Laroya*

---

lalaking nanliligaw sa anak ko? At kapag nalaman mong hindi sila karapat-dapat ay harangin mo na!”

“H-ho?” Hindi makapaniwala si Troy sa narinig, Nangingiti namang iniwan na siya ni Leandro sa verandah.

## 4

Gustong batukan ni Troy ang sarili. Nakahiga na siya sa kanyang kama, ngunit hindi pa rin siya makatulog. *Ano ba naman ito'ng napasukan ko?* himutok niya sa sarili. To put it bluntly, nais ni Leandro na pakialaman niya ang love life ng anak nito. At katulad ng isang masunuring anak, ni hindi niya nagawang tanggihan ang pakiusap nito.

Paano na ngayon? Bumalikwas siya ng bangon at nagdadabog na binuksan ang glass door patungo sa terasa. Sumalubong sa kanya ang pamilyar na amoy ng damo, baka at kabayo na humalo sa mabining simoy ng hangin. Pinuno niya ng hangin ang dibdib at saka lumabas. Nilingon niya ang kanang bahagi ng terasa. Magkatabi ang mga kuwarto nila ni Helen. At ang terrace ay katulad ng nasa ibaba na pumapaikot sa buong ikalawang palapag. He was just a few steps away from where she sleeps.

Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya upang silipin ito. Namalayan na lamang niyang nasa tapat na siya ng pintong salamin na katulad din ng nasa silid niya. Nakahawi ang kurtinang tumatakip doon kaya malaya niyang napagmasdan



ang natutulog na anyo ng dalaga. Napangiti siya nang makita ang suot nito—isang oversized white t-shirt na may malaking mukha ni Winnie the Pooh sa gitna.

Dumako ang tingin niya sa mukha nito. Nakatagilid ito at nakapaling sa gawi niya. Sa malamlam na liwanag na nagmumula sa lampshade ay nakita niya ang maamong mukha nito. She was really beautiful. She had the perfect little face na hindi tatanggihan ng kahit sinong lalaki. Her skin had that natural pinkish glow. Natural din ang pagkapula ng mga pisngi at mga labi nito. He looked at her lips. He loved the way those lips pout kapag naglalambing sa ama and the way it curved upward kapag naman nagagalit sa kanya. Ilang ulit na nga ba niyang pinigil ang sariling tikman ang mga labing iyon? Napailing ang binata at tahimik na bumalik sa tapat ng sariling silid.

Helen is one complication he could not afford to have. Galit ito sa kanya at hindi man niya aminin ay nasasaktan siya. Tinatakpan na lamang niya ng pagbibiro ang sakit na nararamdaman sa tuwing pagsasalitaan siya nito nang masakit. At naiinggit din siya kapag nakikita niya kung gaano ito kalambing sa ibang mga tao sa hacienda.

Isang karibal ang tingin ni Helen sa kanya.

Bagay na hindi niya maunawaan. Alam niya ang kinalalagyan niya sa hacienda at wala siyang balak na agawin ang anumang bagay para rito. What Leandro gave him was more than enough. Pero hindi iyon nakikita ni Helen. Sarado ang isip nito pagdating sa kanya.

*“It’s just her defense mechanism,”* naalala niyang nasabi ni Leandro. Ipinilig niya ang ulo. Imposibleng may pagtingin din ang dalaga sa kanya gaya ng espesyal na damdaming iniingatan niya para rito. The only feeling she had for him was hatred. At wala na nga yata siyang magagawa para mabago ang damdaming iyon ng dalaga lalo pa’t nautusan siya ng ama nito na kaliskisan ang bawat lalaking lalapit dito.

Troy sighed. Para siyang isang manager na kailangang mag-screen ng mga tatanggaping aplikante. Ang tanong ay kung paano niya gagawin iyon nang hindi nalalaman ni Helen. Dahil paniguradong maghahalo ang balat sa tinalupan kapag nalaman ito ng dalaga.

---

*“Will you please slow down!”* bulyaw ni Helen sa binata na tahimik na nagmamaneho ng *Wrangler* type jeep. Papunta sila noon sa kaibigan niyang couturier na siyang tatahi ng gown niya. Ayaw sana

niyang makasama si Troy ngunit nakiusap ang daddy niya. Nagkataong hindi makakasama si Maia dahil nilalagnat ito.

“Ano ba!” asik niya. Kung nagkataong may bubong ang sasakyang dala nila ay pihadong pulos bukol na ang ulo niya. Wala yatang pinalagpas na lubak ang binata. Halos sumasakit na ang balakang niya sa pagtaas-pagbaba ng kanyang puwit sa upuan dahil sa tila kaskaserong pagda-drive nito.

“Sorry, Princess. Kailangan ko kasing makabalik kaagad sa hacienda. Magkikita kami ni Selma mamayang hapon,” bale-walang sagot nito.

Lalong uminit ang ulo niya dahil sa binanggit nitong pangalan. *I wonder who that Selma is?*

“You know Selma, right? Siya iyong veterinarian...”

“I don’t care who she is!” she blurted out. “Just slow down! Masakit na ang balakang ko!” angil niya. Sinulyapan siya ng binata. Bahagya itong nagpabagal ng takbo.

“Para ka namang hindi sanay mangabayo,” tukso nito.

“You’re the worst driver I ever had the misfortune to have! Hindi mo na lang sana ako sinamahan kung

may kakatagpuin ka palang ibang babae!”

“Wala akong magagawa, Princess. Utos ito ng daddy mo. At hindi ko kakatagpuin lang si Selma. Tungkol sa hacienda ang pag-uusapan namin.”

*Pakialam ko!* naiinis na sabi niya sa sarili.

“You’re stuck with me, Princess. So I suggest you just sit tight and enjoy my company.”

*Conceited beast!* muling nasabi niya sa isip. Bigla itong nagpreno kaya muntik na siyang sumubsob sa dashboard.

“Ano ba! Nananadya ka ba?” nanggigigil na sita niya.

“Hindi mo ba nakita iyong pusang biglang tumawid?” nakangising ganti nito. Inirapan niya ang binata. Talagang umuusok na ang ilong niya sa galit. Kung puwede nga lang niyang layasan ito. Ibinaling na lamang niya ang pansin sa mga tanawing nadaraan upang makalimutan ang inis dito.

Makalipas ng kalahating oras ay narating din nila ang sadya. Hindi na niya hinintay pang pagbuksan siya ni Troy ng pinto. Nauna na siyang bumaba at tuluy-tuloy sa loob ng shop. Nagkakamot naman ng ulong sumunod na lamang ito.

“O, bakit sambakol iyang pagmumukha mo?” tanong ni Jinky nang makapasok si Helen sa opisina nito. Isang papasikat na designer ang kanyang kaibigan at ito rin ang napili niyang tumahi ng gown na gagamitin niya para sa kanyang debut. Wala sana siyang balak pang magdaos ng isang engrandeng debut party, pero hindi na pumayag ang kanyang ama. Minsan lamang daw iyong mararanasan ng isang tulad niya and they could afford it.

“Ikaw ba naman ang may makasamang demonyo sa sasakyan, tingnan ko lang kung hindi malukot ang mukha mo!” reklamo niya. Humagikgik si Jinky at hinanap ang sinasabi niyang ‘demonyo’.

“Ang tinutukoy mo ba’y iyong mataas na lalaking kaharutan ng sekretarya ko?” tanong nito na ang mga mata ay nakatuon sa reception desk na natatanaw mula sa glass window ng opisina nito. Nilingon niya ang tinitingnan nito, and true enough, Jinky’s secretary was flirting with Troy! Or was it the other way around? Humahagikgik ang babae na parang kinikiliti habang hawak ng binata ang isang kamay nito at animo isang manghuhula na sinusundan ng daliri ang bawat linyang makita roon. He flashed his dashing smile and the girl blushed.

*Aba't ang mahaderong lalaki!* Hindi maipaliwanag ni Helen ang selos na naramdaman nang makita ang ayos ng dalawa. She wanted to go out of Jinky's office and yank the girl's hand away from his grasp! At bakit pakiramdam niya ay gusto rin niyang sugurin ang malanding babaeng iyon at bigyan ng mag-asawang sampal? *Maria Helena Alejandro! Nagiging bayolente ka na!*

“Hay, naku! Kung ganyan naman kaguwapo ang lahat ng demonyo, aba’y payag na akong sa impyerno mapunta!” kinikilig na bulalas ni Jinky. Mukhang nabatubalani rin ito sa kaguwapuhan ni Troy. Tinitigan ni Helen nang matalim ang kaibigan. Nanunukso naman ang mga ngiti nito.

“Hay, halatang-halata ka, Sister!”

“Ano?” maang na tanong niya. Lalong nagsalubong ang kanyang mga kilay. Kinuha nito ang kanyang kamay at hinila siya papasok sa fitting room.

“Ang mabuti pa’y susukatan na kita at nang matapos na tayo. Mukhang sasabog na iyang dibdib mo sa selos sa sekretarya ko. Aba’y mahirap na, baka ano pa ang magawa mo,” maarteng saad nito. Nganing batukan niya ang kaibigan.

---

Isang tikhim ang nagpalingon kay Troy at sa kausap niyang babae. Tumambad sa kanya ang anyo ni Helen. Nakapamaywang ito at katulad ng dati ay nakasimangot.

“Hindi ka pa ba tapos makipaglandian diyan?” mataray na tanong nito.

“Uuwi na ba tayo, Princess?” nakangiting tanong niya. Inirapan lamang siya ng dalaga bago walang salitang lumabas ito ng shop. Napakamot na lamang siya ng ulo at nahihiyang nagpaalam sa kaharap. Naabutan niya ang masungit na ‘prinsesa’ na nakaupo na sa passenger side.

“I’m hungry. Gusto kong kumain,” sabi nito nang paandarin na niya ang sasakyan. Napatingin siya sa relo. He was supposed to meet Selma by five o’clock. It was already four thirty.

“Gutom ka na naman? Andami mong nakain kaninang tanghalian, ah!” komento niya.

“Kasalanan ko ba kung makaramdam agad ako ng gutom? Kung ayaw mo akong samahan, iwan mo na lang ako sa mall. Kaya kong umuwing mag-isa!” mataray na sagot nito. Napabuntong-hininga na lamang ang binata. Hindi niya ito maaaring iwang mag-isa dahil iyon ang kabilin-bilinan ni Leandro. At

hindi rin naman niya gugustuhing iwan ito.

“Okay, okay! You win!” he said in a submissive tone. He made a mental note to call Selma once they get to the mall.

Pumaling si Helen patagilid sa binata upang hindi nito makita ang ngiting sumilay sa kanyang mga labi. She wasn't really hungry, but for some reason that she refused to admit, ayaw niyang makipagkita si Troy sa Selma na binanggit nito kanina.

Nang maiparada ni Troy nang maayos ang sasakyan ay nauna na siyang bumaba ng jeep. Nang malapit na siya sa entrance ay nilingon niya ito. Nakatayo lamang ito may isang metro sa likuran niya at nakatitig sa kanyang katawan. She became conscious.

“Bakit nakatayo ka lang diyan?” muling pagtataray niya. He smiled impishly. Kinabahan siya sa nakitang kapilyuhan sa mga mata nito.

“Iniisip ko lang kung saan mo inilalagay ang mga kinakain mo,” he said casually. Muling naglandas ang mga mata nito sa katawan niya. Lumakad ito palapit sa kanya. Nang nasa tapat na niya ito ay muli itong nagsalita. “Now I know where.” At saka siya nilagpasan nito.



*I'm Yours, Be Mine - Doreen Laroya*

---

Hindi maunawaan ng dalaga ang ibig nitong sabihin. Nagulat na lamang siya nang gawin nito ang isang bagay na hinding-hindi niya inaasahan.

He slapped her on her butt!